



**Subject and Year Level: Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika  
at Kulturang Filipino**

**Panuto:** Basahin at unawaing mabuti ang mga tanong sa bawat bilang. Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat ito sa sagutang papel.

Para sa bilang 1-3, basahin ang sumusunod.

Sa mensahe ni Pang. Manuel L. Quezon sa Unang Pambansang Asambleya noong 27 Oktubre 1936, sinabi niyang hindi na dapat ipaliwanag pa, na ang mga mamamayang may isang nasyonalidad at estado ay “dapat magtaglay ng wikang sinasalita at nauunawaan ng lahat.”

Alinsunod sa Batas Komonwelt Blg. 184, itinatag ang Surian ng Wikang Pambansa “na mag-aaral ng mga diyalekto sa pangkalahatan para sa layuning magpaunlad at magpatibay ng isang pambansang wikang batay sa isa sa mga umiiral na wika.” Ang pagpili ng isang pambansang wika ay ibinatay sa “pagkaunlad ng estruktura, mekanismo, at panitikan na pawang tinatanggap at ginagamit ng malaking bilang ng mga Filipino.” Sa madali’t salita, Tagalog ang napili. At pinili ang Tagalog sa ilalim ng pamumuno ni Jaime C. de Veyra (Samar-Leyte), at kinabibilangan ng mga kasaping sina Santiago A. Fonacier (Ilokano), Filemon Sotto (Sebwano), Casimino F. Perfecto (Bikol), Felix S. Salas Rodriguez (Panay). Hadji Butu (Moro), at Cecilio Lopez (Tagalog). Tampok sa pagpili ng tagalog ang pagkilala rito “na ginagamit ito ng nakararaming bilang ng mga mamamayan, bukod pa ang mga kategorikong pananaw ng mga

lokal na pahayagan, publikasyon at manunulat.”

Noong 13 Disyembre 1937, sinangayunan batay sa Kautusang Tagapagpaganap Blg. 134 na pagtibayin ang Tagalog “nilang batayan ng wikang Pambansa ng Pilipinas.” Ngunit magkakabisa lamang ang nasabing kautusan pagkaraan ng dalawang taon, at ganap masisilayan noong 1940.

Nagpalabas ng kautusan ang kalihim ng Tanggapan ng Edukasyon noong 13 Agosto 1959, na tawaging “Pilipino” ang “Wikang Pambansa.” Ang “Pilipino” na ibinatay nang malaki sa Tagalog ay maghuhunos na “Filipino” alinsunod sa umiiral na mga katutubong wika at diyalekto nang dialintana ang pagtanggap ng mga salita mula sa mga dayuhang wika.”

Ang pagiging pambansang wika ay hindi lamang nakatuon sa rehiyon ng Katagalugan, kahit pa sabihing ginawang batayan ang Tagalog sa pagbuo ng pambansang wika. Ang Filipino, na patuloy na nilalahukan ng mga salita mula sa iba’t ibang wikang panrehiyon at pandaigdigan, ay sumasailamin sa ebolusyong hindi lamang limitado sa gramatika at palaugnayan kundi maging sa mga pahiwatig at pakahulugan. Ginagamit na ang Filipino hindi lamang sa panitikan o sa Araling Panlipunan, bagkus maging sa pagpapaliwanag ng agham at teknolohiya, inhinyeriya at medisina, batas at matematika at iba pang larang.

(bahagi ng sanaysay na Paglingon sa Ugat ng Komisyon sa Wikang Filipino ni Dir. Hen. Roberto T. Añonuevo mula sa <http://kwf.gov.ph/kasaysayan-at-mandato>)



1. Alin sa sumusunod ang may kaugnayan sa pagpili ng Tagalog bilang batayan ng pambansang wika ng Pilipinas?
  - A. Ginagamit ito ng nakararaming bilang ng mga mamamayan at may maunlad na estruktura at panitikan.
  - B. Ang Tagalog ay patuloy na nilalahukan ng mga salita mula sa iba't ibang wikang panrehiyon at pandaigdigan.
  - C. Pilipino ang pambansang wika noong 1959 ngunit ginawang Filipino ang tawag batay sa saligang batas noong 1986.
  - D. Tagalog ang pinagbatayan ng pambansang wika at tinawag itong Pilipino sa bisa ng Kautusang Tagapagpaganap Blg. 134.
2. Ano ang magiging bunga kung ang isang bansa ay may sariling wikang sinasalita at nauunawaan ng lahat?
  - A. Malalabanan nito ang pangkulturang impluwensiya ng mga dayuhan.
  - B. Maitatakwil nito ang hindi magagandang impluwensiya ng mga mananakop sap ag-uugali ng mga Pilipino
  - C. Mapagbubuklod nito ang mga mamamayan ng arkipelagong nagtataglay ng iba't ibang wika bilang isang nasyon.
  - D. Magagamit ito sa pagpapaliwanag ng Agham at Teknolohiya, Inhinyerira at Medisina, Batas at Matematika at iba pang larang.
3. Ano ang magiging ambag ng Filipino bilang pambansang wika sa ating lipunan sa hinaharap?
  - A. Ang mga mamamayan ay magkakaroon ng wikang sinasalita at nauunawaan ng lahat.
  - B. Uunlad ang mga katutubong wika at diyalekto nang di-alintana ang pagtanggap ng mga salita mula sa mga dayuhang wika.
  - C. Sasailalim ang Filipino sa ebolusyong hindi lamang limitado sa gramatika at palaugnayan kundi maging sa mga pahiwatig at pakahulugan.
  - D. Magiging tulay ang Filipino sa pagpapayabong ng nasyonalismo, pagpapaunlad ng kultura at pagtataguyod ng pagkakakilanlan ng ating lahi.
4. Alin sa mga sumusunod na halimbawa ang nagpapakita ng kakayahang sosyolinggwistiko ng isang indibidwal?
  - A. Nakapagpapahayag siya ng mensahe na umaayon sa tuntunin ng gramatika.
  - B. Nakabubuo siya ng isang pahayag na may maayos na estruktura ng pangungusap.
  - C. Nakikibahagi sa usapan dahil sapat ang kaniyang kaalaman sa paksang pinag-uusapan.
  - D. Nakagagamit siya ng magagalang na salita kung ang kausap niya ay may edad sa kaniya o may mataas na posisyon.



- 
5. Pagpasok ng guro sa silid-aralan ay agad siyang nagtanong, “*Nag-aral ba kayo ng inyong aralin?*” Ano ang ipinahahayag ng guro sa kaniyang pahayag?
- A. Magbigay siya ng maikling pagsubok dito
  - B. Magtatalakayan sila ng klase kaugnay ng aralin
  - C. Magtatanong siya hinggil sa aralin nang araw na iyon
  - D. Tinitiyak lamang niya na nag-aral ng aralin ang mga bata
6. Habang ikaw ay nagtatalumpati sa harap ng madla, nakalimutan mo ang susunod mong sasabihin. Upang ipakita na ikaw ay may kakayahang estratehiko, ano ang iyong gagawin?
- A. Lilihis nang kaunti sa paksa
  - B. Hihinto muna sandal at mag-iisip
  - C. Tatapusin agad ang pagtatalumpati
  - D. Mabilis na aangkupan ng salita kaugnay pa rin ng paksa
7. Kung ang pananaliksik ay tungkol sa dahilan kung bakit ibinoto ng mga tao si Rodrigo Duterte bilang pangulo, aling pamamaraan ang epektibong gamitin?
- A. Interview
  - B. Online Blog
  - C. Case Study
  - D. Experimental Study
8. Isa sa mga katangiang dapat taglayin ng isang mananaliksik ay ang pagiging sistematiko sa mga datos na nakalap. Ano ang dapat gawin sa mga datos na iyong nakalap at naitala upang madali mo itong mahanap kung kinakailangan?
- A. Magsagawa ng talababa
  - B. Lumikha ng card catalog
  - C. Isaayos ito nang paalbedo
  - D. Pangkat-pangkatin ang sanggunian
9. Ang inyong pananaliksik ay kailangang magsagawa ng isang panayam o interbyu sa pangkat ng mga katutubo na nagsasalita ng isang pekyulyar na wika. Ano klaseng pananaliksik ang iyong isasagawa?
- A. Pag-aaral ng isang kaso
  - B. Pananaliksik sa Historikal
  - C. Pananaliksik sa Etnograpiya
  - D. Pananaliksik sa Eksperimental
10. Kayong magkakapangkat ay nasa bahagi ng pagsulat ng burador ng pananaliksik. Bago ninyo maisulat ang burador, kailangang masuring mabuti ang inihandang balangkas upang matiyak kung may mga bagay pang kailangang baguhin o ayusin. Anong hakbang ito ng pananaliksik?
- A. Pagsulat ng burador
  - B. Pagwasto ng burador
  - C. Pagsulat ng balangkas
  - D. Paghanda ng iwinastong balangkas
11. Habang binabasa mo ang inyong nabuong pananaliksik, nakita mong maraming kailangang pag-ukulan ng pansin ang burador nito tulad ng pagbuo ng pangungusap, ang baybay, bantas, wastong gamit at ilan pang mekaniks ng iyong pananaliksik. Ano ang mainam na alternatibong gawin upang ito ay maiwasto?
- A. Magsagawa ng burador
  - B. Magsagawa ng pang-edit
  - C. Magsagawa ng footnote
  - D. Magsagawa ng proofread
-



12. Paano maipakita ang pagsasaalang-alang sa etika ng pananaliksik kaugnay ng imahen ng mga kababaihan sa mga adbertisement?

- A. Paglalathala ng ginawang pananaliksik
- B. Pag-interbyu sa mga kasangkot kahit hindi nila alam.
- C. Totoong paglalahad ng mga datos at pangalan ng mga kasangkot
- D. Paghingi ng pahintulot sa gagawing pananaliksik sa mga awtoridad o kasangkot

Ang tula ay isang anyo ng panitikan na nagpapahayag ng iba't ibang damdamin ng tao. Ito ay binubuo ng mga taludtod at mga saknong na pumupukaw sa isip, puso at kaasalan ng isang mambabasa. Sa tula malayang ginagamit ang wika sa iba't ibang estilo, karaniwan din itong nagiging matalinghaga.

Malaking impluwensiya sa kasalukuyan ang paggamit ng teknolohiya particular ang mga social media sa internet upang mapalapit ang tula sa mga tao, ngunit sa kasalukuyan hindi lamang ang social media ang nagiging daan upang magkaroon ng espasyo ang mga tula sa buhay ng mga tao, lalo na ang mga manood), nagiging bahagi rin ito ng palabas sa telebisyon at sinehan, maging sa mga bar ay mayroong ding nagsasagawa ng pagbabasa at pagbigkas ng tula.

Ang spoken works/ slam poetry ay naging tanyag sa kasalukuyan dahil ito ang nagsisilbing daan upang “humugot” ng salita, damdamin at

karanasan ng mga manonood habang sinusubaybayan ang paboritong serye. Isang makata ng isang teleserye ang taguri sa nagpakilala sa atin ng ganitong anyo ng sining.

*\_Si Juan Miguel Severo na tinuguriang “makata ng OTWOL ( baybayin)”*

13. Sa teksto tinalakay ang spoken words bilang isang anyo ng pagbigkas ng tula, ano ang mahihinuhang dahilan kung bakit ginagamit ang tula sa isang teleserye?

- A. Nagsisilbi itong musika
- B. Naiuugnay ang pangyayari sa tula
- C. Nagsisilbing pampakilig sa tagapanood
- D. Naiuugnay nito ang pinanonood sa pang-araw-araw na buhay

14. Sa mga spoken words poetry na ginagamit sa mga teleserye, pelikula, at sa bar, ano ang madalas na inaakala ng mga manonood na gamit ng tula sa isang palabas?

- A. Nagiging pamalit sa musika
- B. Nagsisilbing dekorasyon ng isang palabas
- C. Nagsisilbing daan upang maipahayag ang damdamin
- D. Nagbibigay ng maraming isyung panlipunan na kaakibat ng isang tula.

15. Anong pangkalahatang hinuha ang mabubuo sa ganitong gamit ng wika sa tula?

- A. Ang wika ay malikhain
- B. Nagsisilbing daluyan ng damdamin ang wika
- C. Nagagamit ang wika sa pagsusulat ng isang panitikan
- D. Ang wika ay isang sisidlan upang makagawa ng isang tula.



16. Isa sa mga mahalagang bahagi ng pananaliksik ay ang bahagi na paghihinuha. Kung ang iyong pananaliksik ay tungkol sa “Persepsiyon ng mga Tao Hinggil sa Anti- Distracted Law ng Land Transportation Office”. Alin sa sumusunod ang maaring maging kinalabasan ng pag-aaral?

- A. Ang Anti-Distracted Law ay sagot sa lumalalang sikip ng trapiko sa Metro Manila.
- B. Ang Anti-Distracted Law ay sagot sa lumalalang bilang ng mga aksidente sa daan
- C. Ang Anti-Distracted Law ay sagot upang makapagpokus ang drayber sa pagmamaneho.
- D. Ang Anti- Distracted Law ay isang bagong batas na makapagdidisiplina sa mga drayber.

17. Ang paksa ng pananaliksik ng inyong pangkat ay tungkol sa epekto ng back poetry sa pagiging masining na pagpapahayag ng mga kabataan. Ano ang paghihinuha ng inyong pananaliksik ukol sa kasanayan sa pagsulat ng mga kabataan?

- A. Magiging mahusay silang manunulat
- B. Magiging maayos ang kanilang pagbabaybay
- C. Magiging malikhain ang mga kabataan sa pagsulat
- D. Magiging masigasig ang mga kabataan sa pagpapahalaga sa tula

18. Maraming mga mag-aaral sa kasalukuyang panahon ang pinagsasabay ang pagtatrabaho at ang pag-aaral. Ito ay kanilang ginagawa upang matulungan ang

kanilang magulang at ang kanilang sarili. Gayunpaman, ilan lamang sa kanila ang nakatatapos sa itinakdang panahon. Anong pangkalahatang hinuha ang mabubuo ang inyong pangkat sa ganitong sitwasyon ng mga mag-aaral sa Pilipinas?

- A. Madalas na marami ang drop-out sa mga paaralan
- B. Hindi nakabubuti na pinagsasabay ang pag-aaral at trabaho.
- C. Masisipag ang mga mag-aaral na pinagsasabay ang pag-aaral at trabaho
- D. Madalas na puyat ang mga mag-aaral na pinagsasabay ang pag-aaral at trabaho.

#### **Para sa bilang 19- 21**

Ang alam ko ay iba nga ang Tagalog sa Filipino, ganiri ang Tagalog, sanaun ang mga nagtatanong?

Mantakin mong inginungudngod na sa pusali ng mga bargas at magasong nasa katungkulan ang wikang pambansa ay ni hindi naiingli ang mga nakasimot ng kutimos at pangalan. Kung hindi pa aangya ang TANGGOL WIKA ay karipas na ang mga singkaran nang haragang naglala ng kayakas na kalinangan. Kundi ahuy alsan pa ng sambalilo ang mga dungo at giikin ang mga pagmumuwang para lamang mahimasman. Ay pag hindi ka naman nabanas sa yagyag at nakakatusing na mga panukalang tubal? Ay gahul kung magbabakay lamang, kundi nga maingli. Ngalingaling magbaykut na laang ng balinghuy ang mga CHED. *(bahagi ng post sa social media ng isang Kabitenyong guro na makikita sa <https://www.facebook.com.search/str/ib>*





a+ang+Tagalog+sa+Filipino/keywords\_se arch)

19. Batay sa tekstong binasa, ano ang layunin ng pahayag?
- Ipaliwanag na mahirap maintindihan ang mga salitang Tagalog
  - Magbigay ng halimbawa para mabigyang-diin ang pagkakaiba ng Tagalog at Filipino
  - Ipakitang higit na “malalalim” ang mga salitang mula sa Tagalog kaysa sa Filipino
  - Bigyang pansin na wala naman talagang pagkakaiba ang Tagalog sa Filipino
20. Anong paglalagom ang binibigyang-diin ng teksto?
- Mas masarap bigkasin ang Filipino kaysa sa mga salitang taal na Tagalog.
  - Ang mga salitang Tagalog ay iba kumpara sa mga salitang ginagamit sa Filipino
  - Walang pagkakaiba sa kahulugan ang mga salitang ginagamit sa Tagalog at Filipino
  - Kahit Filipino ang ginamit sa pahayag, mahirap pa ring maunawaan ang mga salita
21. Kaugnay ng Tagalog at Filipino ay mahahalaw ang sumusunod na impormasyon:
- May mga salita sa Tagalog na hindi ginagamit sa Filipino na malawak nang tinatanggap sa mass media at sa paaralan.
  - Umunlad na ang wikang Filipino mula sa “pinalawak” na Tagalog at iba pang wika sa bansa at daigdig.
  - Iba ang Filipino sa kasalukuyan mula sa Tagalog na ginagamit sa

mga lalawigan at patuloy ang pag-unlad nito sa pagbabago ng panahon.

4. Ang Filipino bilang pambansang wika ay ibinatay sa wikang Tagalog

Alin sa sumusunod ang pinakaangkop na pagkakasunod-sunod ng mga nabanggit na impormasyon para maipakita ang pag-unlad ng wika mula sa Tagalog patungong Filipino?

- 1,2,3,4
- 1,3,2,4
- 4,2,1,3
- 4,1,3,2

Para sa Aytem bilang 22-24, basahin ang sumusunod.

Kumita nang higit P300 milyon ang pelikulang “Kita Kita” na tumatalakay sa tourist guide sa Japan na si Lea (Alessandra de Rossi) Japan na nakaranas ng pansamantalang pagkabulag at umibig sa “palaboy” na Pilipinong si Tonyo (Empoy Marquez). Ginamit na tagpuan ang magandang siyudad ng Sapporo. Naipakita ng pelikula ang kultural na pagkakaiba ng kulturang Pinoy at Hapon. Mga payak na diyalogo at natural na pagpapatawa ni Empoy at ang mahusay na pagganap ni Alessandra ang umaliw sa mga Pilipinong tumangkilik ng pelikula. Mahusay rin ang paglalaro ng salita “kita” na metapora para sa nabulag na si Lea at ng panghalip na “kita” na ngangahulugang “tayong dalawa”. Sabay na hinarap nina Lea at Tonyo ang mga pagsubok ng buhay at kabiguan nila sa pag-ibig. Magandang halimbawa ng katatagan ng Pinoy na mamuhay sa ibang bansa at umangkop sa dayong kultura ang



naipakita ng karakter nina Lea at Tonyo. Malungkot nga lamang ang wakas dahil namatay si Tonyo bago pa muling makakakita si Lea.

Ngunit maraming bagay rin ang posibleng hindi nasuri ng mga nanood ng pelikulang ipanghele ng love story nina Lea at Tonyo. Isang hindi napagtuunan ng pansin ay ang hindi magandang dulok ng stalking o paniniktik. Ang ginawa ni Tonyong lihim na pagsubaybay kay Lea kung sa tunay na buhay ay nakakatakot. Sa pelikula, para bang ayos lamang na may hindi ka kilalang tao na lihim na sumusubaybay sa bawat kilos mo at galaw. Nakakapangamba ang ganito dahil gawain din ng mga kriminal na tiktikan din ang kanilang biktima. Gawain din ng mga pulis at militar ang ganito sa mga aktibistang dinukot nila at pinatay sa panahon ng Martial Law at kahit sa kasalukuyan. Samakatuwid, paglabag sa karapatang pantao ang ginawa ni Tonyo kay Lea kahit pa maganda ang kaniyang layunin. At iyan ang posibleng hindi nakita ng mga nanood ng “Kita Kita.” Isa pa, hindi lahat ng mga Pilipino sa ibang bansa ay katulad ni Tonyo na maraming pera. Saan ba siya kumukuha ng ginagastos para mamasyal sa Sapporo? Niromantisa ng pelikula ang buhay ng OFW na para bang sinasabing langit ang buhay ng mga kababayan nating nasa ibang bansa ngunit sa katotohanan ay hindi naman palagi. Maraming nakararanas ng diskriminasyon, pagsasamantala, at kamatayan habang nagpapaalipin sa mga dayuhang amo.

At kung inaakala ng marami na orihinal ang iskrip ni Sigrid Andrea

Bernardo ay lumilitaw na may pagkakatulad ang plot ng “Kita Kita sa pelikulang Thai na “One Day” na mas nainang lumabas noong 2016. Sapporo rin ang tagpuan ng pelikula at sa halip na pansamantalang pagkabulag, temporary amnesia naman ang nangyari sa babae. Sa “one Day.” Ang engineer na si Denchai (Chantavit Dhanasevi) ay lihim na umiibig kay Nui Nittha Jirayungyum) na nakaranas ng temporary memory loss sa loob ng isang araw. Tulad ni Tonyo, lihim ding sinubaybayan ni Denchai ang bawat galaw ni Nui at nagpanggap siyang kasintahan niyo nang mawalan ito ng alaala sa loob lamang ng isang araw. Hindi naman marahil hindi sinasadya ang pagkakatulad ng plot at setting ng “Kita Kita at “One Day”.

Bagamat dapat papurihan ang mahusay na pagkagawa ng pelikulang “Kita Kita” marami pa ring bagay ang hindi nakikita sa likod ng konsepto ng pelikula at sa usapin ng paniniktik sa kapwa upang mapagtagumpayan ang pag-ibig.

*(Ang hindi nakikita sa pelikulang “Kita kita” ni Joel Costa Malabanan)*

22. Anong uri ng impormasyon ang pangunahing binibigyang -diin sa sanaysay?
- A. Ang pagkakaiba ng pelikulang “Kita Kita” at “One Day”
  - B. Ang mahusay na pagkagawa ng pelikulang “ Kita Kita”
  - C. Ang romantisasyon ng paniniktik sa pelikulang “ Kita Kita”
  - D. Ang buhay ng mga Pilipinong nagtatrabaho at naninirahan sa Japan.



23. Batay sa sanaysay, alin sa sumusunod ang HINDI kabilang sa pagkakatulad pelikulang “Kita Kita” at “One Day.”

- A. Kapwa nagkaroon ng pansamantalang kapansanan ang mga bidang babae
- B. Malaki ang papel ng siyudad ng Sapporo sa daloy ng plot ng parehong pelikula.
- C. Parehong namatay ang bidang lalake matapos maipakita ang kanilang pagmamahal
- D. Kapwa sinasamantala ng bidang lalake ang pansamantalang kapansanan ng bidang babae.

24. Batay sa plot ng “Kita Kita” ay malalagom ang sumusunod na impormasyon:

- 1. Muling nakakita si Lea ngunit namatay si Tonyo bago pa nito ito makita.
- 2. Hindi sila magkakilala ngunit lihim na humahanga si Tonyo sa tourist guide na si Lea.
- 3. Pansamantalang nabulag ang tourist guide na si Lea na nagtatrabaho sa Japan.
- 4. Habang bulag si Lea ay nagsilbing mata niya ang Pilipinong si Tonyo sa Japan.

Alin sa sumusunod ang pinakaangkop na pagkasunod-sunod ng mga nabanggit na impormasyon upang maging malinaw ang pag-unawa sa pelikula?

- A. 2,3,4 1
- B. 1,4,3,2
- C. 4,3,2,1
- D. 3,2,1,4

**Para sa bilang 25-27**

Panayam kay Senador Nancy Binay ni TV5 Me-ann Los Baños ng TV 5 at Jam Sisante ng GMA7.

GMA7: Nakahanda na po ba kayong makipagdebate sa mga “more veteran “ senators?.

SNB: Oo, kaya nga tuloy-tuloy iyong mga ginagawa kong preparations. Siyempre hindi naman ako sasabak sa ganoong sitwasyon kung hindi ko paghahandaan.

TV5: Ma’am, 15 bills po yung una ninyong finile. Ganoon po ba talaga karami iyon?

SNB: Ah, hindi. Kasi di ba, mayroong, first five, and then may first ten, kaya iyon naging 15.

TV5: Ma’am paki explain nga po ng kaunti ‘yong proposed bill ninyo tungkol sa Rest Period for Female Employees, ano po ang laman po nito?

SNB: Actually, mayroon nang provision sa ating Labor Code na dapat may rest period. Alam ninyo, noong campaign, naranasan ko na habang nag-momotorcade kami, minsan tatlong oras kaming nakatayo. Ang hirap! And to think na naka-rubber shoes na ako di ba? Can you imagine ang mga saleslady natin na at a given day, nakatayo sila for seven hours na nakatakong pa. I guess, for them to become more productive, malaking tulong na makaupo sila kahit ilang sandal.

TV5: Yong bill na pong iyon, para sa mga anong empleyado po, Ma’am?

SNB: Para sa mga saleslady sa mga mall, sa mga department store.

TV5: Ma’am ilang minuto, at ilang oras po?

SNB: Ako, maximum of 15 minutes or kahit bigyan sila ng stool mn lang na makakaupo sila na kahit a few minutes lang na parang break lang





nila. Di ba nakasaan naman sa Labor Code natin na dapat mayroon tayong break. So ito, mas specific lang kung ano yung mga break na makukuha nila

TV5: Ma'am, 15 minutes for the seven hours?

SNB: Parang kung two hours silang nakatayo, may 15 mins or less na pahinga.

TV5: Ma'am nakikita niyo po ba na baka magreklamo yong mga mall?

SNB: Sana naman. Kasi yun ang expectations ko na yung 15 na bills na nai-pass ko ay sana man lang, tumulong yung 15 na yun, di ba?

25. Paano mailalarawan ang paraan ng mga mamamahayag sa pagbibigay ng impormasyon sa mga manonood mula sa naging panayam nila kay Senador nancy Binay?

A. Mahirap at komplikado ang mga katanungan ibinato sa senador kung kaya di malinaw ang pagsagot niya dito

B. Magulo ang naging takbo ng panayam sapagkat di wasto ang paraan ng pagpili ng mga salita ng panayam.

C. Simple lamang ang mga katanungan sa panayam kung kaya payak din ang paraan ng pagsagot ng senador.

D. Tama ang mga katanungan na kanilang ibinigay na maliwanag at maayos naman nasagot ng senador.

26. Masasabi bang naging konsistent sa paggamit ng wikang Filipino ang mga kasangkot sa panayam?

A. Hindi, dahil naging kapansin-pansin ang code switching

B. Oo, dahil kakaunti lamang ang mga banyagang salita na hiniram

C. Oo, dahil hindi ginagamitan ng wikang banyaga ang buong panayam.

D. Hindi, dahil nagingibabaw ang paggamit ng wikang banyaga sa panayam.

27. Bakit pangkaraniwan ang panghihiram ng mga salitang banyaga tulad ng Ingles sa ganitong uri ng panayam?

A. Mababa ang pagtingin sa pambansang wika kung kaya't nanghihiram.

B. Sa panghihiram mas binibigyan ng pagpapahalaga ang paggamit ng wikang Ingles.

C. Sinasabing kaya nanghiram ay upang maging malikhain ang mga pahayag na gagamitin.

D. May mga salita na mahirap isalin o teknikal kung kaya't nangangailangan ng panghihiram.

**Para sa aytem bilang 27-29, basahin ang sumusunod.**

Isang balita mula sa radio:

"Babala po sa mga naninirahan sa malapit sa baybay-dagat na mag-ingat at maagang lumikas sa mataas na lugar. Paparating po ang bagyong "Uno" na kasalukuyang binabagtas ang hilagang bahagi ng Luzon. Nagtataglay po ito ng malakas na hangin at pabugso-bugsong pag-ulan."



28. Sa mga taong nakatira malapit sa baybay-dagat, ano ang dapat nilang gawin?
- Mag-ingat sa bagyo
  - Lumayo sa baybay-dagat
  - Pumunta sa mataas na lugar
  - Maagang lumikas sa mataas na lugar
29. Tungkol saan ang balitang napakinggan sa radyo?
- Pinag-iingat ang lahat
  - Hinggil sa paparating na bagyo
  - Sa maagang paglikas sa mataas na lugar
  - Babala sa mga naninirahan sa baybay-dagat
30. Batay sa balita, paano inilarawan ang bagyo?
- Paparating pa lamang
  - Ito'y napakalakas na bagyo
  - Binabagtas ang hilagang bahagi ng Luzon
  - Nagtataglay ng malakas na hangin at pabugso-busgong pag-ulan.
31. Ang karatulang "Bawal Tumawid, May Namatay na Rito" ay isang halimbawa ng anong uri ng gamit ng wika sa lipunan?
- Imahinatibo
  - Interaksyunal
  - Personal
  - Regulatori
32. Ayon kay Halliday (1973), imahinatibo ang tungkulin ng wika kapag ginagamit ito sa pagpapahayag ng imahinasyon sa malikhaing pamamaraan. Alin sa sumusunod ang halimbawa nito?
- Paglalarawan ng pamilya
  - Paglalarawan ng napuntahang lugar

- Paglalarawan ng isang ideyal na lipunan
  - Paglalarawan ng isang tunay na kaibigan
33. Ang wika ay isang instrumento upang ipahayag nang personal ang sarili. Batay sa mga pahayag na ito, alin ang dapat na mauna?
1. Napagtapos niya ang mga ito sa pag-aaral bago siya lumagay sa tahimik.
  2. Natupad din niya ang pangako sa kaniyang mga magulang.
  3. Nagsikap siya sa buhay upang iahon sa kahirapan ang kaniyang pamilya
  4. Pinilit niyang mangibang-bayan upang matustusan sa pag-aaral ang kaniyang kapatid.
- 1-2-3-4
  - 3-4-1-2
  - 2-3-4-1
  - 1-3-2-4

#### **Para sa aytem bilang 34-35**

Nakalulungkot isipin na maaring dumating ang panahon na unti-unti nang mabura sa mapa ng daigdig ang ating bansa. Ito ay hindi dahil sa mga bagyo, lindol, likas na trahedya na ating nararanasan taon-taon kundi dahil sa kapabayaang nating mga tao na ingatan at pahalagahan ang ating inang kalikasan.

Ngunit hindi pa nauubos ang ating oras, may pagkakataon pa upang ito ay ating baguhin. Kinakailangan lamang ng masidhing pagtutulungan ng mga mamamayan at pamahalaan kasama na rin ang paghingi ng tulong sa ating Maykapal sa pamamagitan ng pagdarasal. Hindi pa huli ang lahat



kung kaya pangalagaan ang ating mundo upang kinabukasan ng inang bayan ay mabago.

34. Kung isasalin mo ang paksa ng tekstong nabasa sa ibang midyum upang higit itong maunawaan at mapahalagahan ng marami, ano kaya ang pinakamabisang maaring gamitin na makakaakit sa mga kabataang mag-aaral?
- A. Pagguhit ng isang poster
  - B. Pagbuo ng isang short film
  - C. Pagsasagawa ng kumperensiya
  - D. Pagsulat ng artikulo sa magasin
35. Kung ikaw ay lilikha ng isang awitin, batay sa paksa ng teksto, alin sa sumusunod na pahayag mula sa nabasa ang pinakamabisang gamitin upang mahikayat ang makikinig na gumawa ng agarang aksyon?
- A. Hindi pa huli ang lahat kung kaya't pangangalagaan ang ating mundo upang kinabukasan ng inang bayan ay mabago.
  - B. Nakakalungkot isipin na maaring dumating ang panahon na unti-unti nang mabura sa mapa ng daigdig ang ating bansa.
  - C. Ito ay hindi dahil sa mga bagyo, lindol, o likas na trahedya na ating nararanasan taon-taon kung hindi dahil sa kapabayaan nating mga tao na ingatan at pahalagahan ang ating inang kalikasan.
  - D. Wala sa nabanggit na mga pahayag.
36. Basahin ang sumusunod:

Tracy: Nalulungkot ako sa biglang pagkamatay ng mga magulang ni Jenina.

Hilda: Nanghihinayang naman ako dahil siguradong hindi niya matapos ang kaniyang pag-aaral dahil kailangan niyang suportahan ang kaniyang mga nakababatang kapatid.

Fely: Hindi ko siya matingnan dahil ayaw kong maluha sa kaniyang harap

Sela: Nakakaawa talaga! Sana may nagawa tayong mga kaibigan niya para siya ay matulungan.

Ano ang pinakalayunin ng mga pahayag na nabasa kung pagbabatayan ang paraan ng paggamit nito ng wika?

- A. Pagbabahagi ng sariling opinyon o saloobin
- B. Pakikipag-ugnayan at pagpapabuti ng relasyon sa ibang tao.
- C. Makapagbahagi ng damdamin o emosyon sa ating mga kausap
- D. Magbigay ng sapat na impormasyon upang mapalawak ang kaalaman ng ating mga kausap.

**Para sa Aytem 37-39, basahin ang sumusunod:**

Ang pagkakaroon ng Filipino sa kolehiyo ay pagtupad sa Artikulo XIV, Seksyon 6 ng Konstitusyon 1987 na nagsasabing ang Filipino ang dapat maging midyum ng opisyal na komunikasyon at ng sistemang pang-edukasyon. Hindi maisasakutuparan ang ganitong batas ng konstitusyon kung walang asignaturang Filipino sa lahat ng antas ng edukasyon. Sa asignaturang Filipino, lilinangin ang kasanayan ng mga estudyante sa



paggamit ng wikang pambansa sa intelektwal na diskurso na kinakailangan sa epektibong paggamit nito bilang midyum sa iba pang asignatura. Sa sitwasyong English ang default language ng CHED at ng mga administrador ng marami-raming unibersidad, malinaw na “ang pagbura sa Filipino sa kolehiyo ay hakbang paurong” sapagkat “babawasan pa nito” ang oportunidad para sa intelektwalisasyon ng Filipino (San Juan,” 2015)

Ang pagpaslang sa wikang sarili y pagbura rin sa pagkatao mismo ng mga mamamayan gaya ng ipinahayag sa posisyong papel ng Fakulti ng Sining at mga Wika ng PNU (2014). “Bukal ng karunungan ang Filipino bilang isang larang na humuhubog ng kabuuan kaakibat ang pagpapahalaga sa ating pagkamamamayang Pilipino. Gamit ang Filipino bilang larang, itinatampok at binubuo nito ang pagkatao at pagkakakilanlan ng ating lahi na pundasyon ng ating kamalayan at kalinangan. Kung hangad natin ang ay marating ang ganap na intelektuwalisasyon ng wikang Filipino, karapat-dapat itong gamitin. Kailangang isa-Filipino ang diwa ng mga mag-aaral. Hindi sapat bilang midyum ng talastasan, kundi isang wika na salalayan sa iba’t ibang diskursong pang-akademiko at panlipunan.”

(bahagi ng pahayag ng Tanggol Wikan a matatagpuan sa [https://www/academia.edu/34914308/Alyansa ng Mga Tagapagtanggol](https://www/academia.edu/34914308/Alyansa_ng_Mga_Tagapagtanggol) ng Wikang Filipino TANGGOL WIKA Internal na Kwen to Mga Susing Argumentop at Dokumento 2014-2017)

37. Ano ang implikasyon ng hakbang ng CHED na tanggalin na ang Filipino sa kolehiyo?

- A. Mahalaga ang wikang Pambansa upang tiyakin na globally competitive ang mga Pilipino at nakahandang tumugon sa hamon ng globalisasyon
  - B. Ang Filipino ay hindi sapat bilang midyum ng talastasan, kundi isang wika na salalayan sa iba’t ibang diskursong pang-akademiko at panlipunan.
  - C. Nauulit na sa elementarya at hayskul ang pag-aaral ng Filipino kung kaya praktikal lamang na hindi na ito ituro sa kolehiyo para makatipid ang gobyerno
  - D. Kolonyal pa rin ang Sistema ng ating edukasyon at ang pagbura sa Filipino sa kolehiyo ay hakbang paurong sapagkat babawasan pa nito ang oportunidad para sa intelektwalisasyon.
38. Batay sa sanaysay, alin sa sumusunod na pahayag ang HINDI nabanggit?
- A. Mahalaga ang intelektuwalisasyon ng Filipino sa pag-unlad ng edukasyon ng bansa.
  - B. Ang pagkakaroon ng Filipino sa kolehiyo ay paggalang sa nakasaad sa saligang batas ng Pilipinas.
  - C. ‘Ang Filipino bilang wika ay nagtatampok sa pagkakalinlan ng ating lahi at pundasyon ng ating kamalayan at kalinangan.
  - D. Ang mga namamahala sa Sistema ng ating edukasyon ang siya ring pangunahing tagapagtaguyod at tagapagtanggol ng wikang Filipino.



39. Alin ang pinakamahalagang kaisipang ipinapahayag sa binasang sanaysay?
- A. Ang pagkakaroon ng Filipino sa kolehiyo ay pagtupad sa Artikulo XIV, Seksyon 6 ng Konstitusyong 1987 na nagsasabing ang Filipino ang dapat maging midyum ng opisyal na komunikasyon at ng sistemang pang-edukasyon
  - B. Sa sitwasyong English ang default language ng CHED at ng mga administrador ng marami-raming unibersidad, malinaw na : ang pagbura sa Filipino sa kolehiyo ay hakbang paurong.”
  - C. Sa asignaturang Filipino, lilinagin ang kasanayan ng mga estudyante sa paggamit ng wikang Pambansa sa intelektwal na diskurso na kinakailangan sa epektibong paggamit nito bilang midyum sa iba pang asignatura.
  - D. Gamit ang Filipino bilang larang, itinatampok at binubuo nito ang pagkatao at pagkakalinlan ng ating lahi na pundasyon ng ating kamalayan at kalinagan. Kung hangad natin na marating ang ganap na intelektwalisasyon ng wikang Filipino, karapat-dapat itong gamitin.
40. Ano ang pagkakatulad at pagkakaiba ng imahinatibo at personal na gamit ng wika sa lipunan?
- A. Parehong ang pokus nito ay ang magbigay ng mensahe ngunit ang imahinatibo ay nakatuon sa kung paanong magiging masining ang pagpapahayag samantalang ang personal ay ang makapagpahayag ng opinyon
  - B. Parehong ang pokus nito ay sa mensahe ngunit ang imahinatibo ay nakatuon sa mga abstraktong bagay samantalang ang personal ay ang mga konkretong bagay.
  - C. Kapwa nakatuon sa tagatanggap ng mensahe ngunit ang imahinatibo ay sinisigurong nakarating ang mensahe samantalang ang personal naman ay pokus lamang ang makapagpahayag ng mensahe, makarating man o hindi.
  - D. Kapwa nakatuon sa mismong mensahe ngunit ang imahinatibo ay tinitiyak kung nakuha ng tagatanggap ang kahulugan ng mensahe samantalang ang personal naman ay kung may tugon ang tagatanggap ng mensahe.
41. Alin sa sumusunod na pahayag ang naglalarawan sa personal na gamit ng wika sa lipunan?
- I. May malaking oryentasyon sa tagatanggap ng mensahe
  - II. Layuning makapagpahayag ng sariling saloobin
  - III. Hindi alintana kung ang mensahe ay makararating o hind isa pinag-uukulan nito.
  - IV. Naghahanap ito ng kasagutan sa isang particular na suliranin
- A. I at II
  - B. I at III
  - C. II at IV
  - D. III at IV





42. Bilang pangulo ng komite para sa pagdiriwang ng buwan ng wikang Pambansa, nais mong gamitin ang imahinatibong gamit ng wika upang maiparating ang kahalagahan ng pagdiriwang, ano ang pinakamainam mong gawin?
- A. Magsagawa ng patimpalak ukol sa tagisan ng talino sa Filipino.
  - B. Magdaos ng isang malayang talakayan ukol sa pambansang wika.
  - C. Sumulat at bumigkas ng isang tulang naayon sa tema ng pagdiriwang.
  - D. Magbigay ng panayam ukol sa kasaysayang pinagdaanan ng wikang Pambansa.

**Para sa aytem bilang 43- 45**

Bahagi ng dokumentaryo ni Jessica Soho na pinamagatang “Tuway-Tuway pampatak sa mata”

Ang panlalabo ng mata ay mayroon di-umanong sinaunang solusyon. Ang mga tribo ng Maigsarog dito sa Davao, ipinagmalaki na malinaw pa rin ang kanilang mga paningin kahit na nagkakaedad na sila. Ang may dala raw na biyaya nito ay isa sa mga asawang datu, si Bae Bulakaw, 51 anyos. Ayon sa kaniya, ang sekreto kung bakit hindi pa raw nanlabo ang kanilang paningin ay nanggaling sa tradisyunal na pampatak sa mata na nanggaling sa halaman na kung tawagin ay tuway-tuway.

Ang kabisaan ng halaman na ito ay pinatunayan ni Norma Janiola, aniya ang kaniya raw mga mata ay may katarata. Ang kaniyang kaliwang mata ay bulag na. Habang ang kanan ay halos wala nang maaninag. Matapos siyang magpapakat ng katas ng tuway tuway ki Bae, ang kaniya di umanong kanang mata ay malinaw na at

nagsisimula nang makaaninag ang kaniyang kaliwang mata.

Ipinasuri naming kay Dr. Bobbi Atenido, isang opthalmogist ang hinggil sa kaso ng tradisyunal na pampatak na ito. Aniya, ang pagginhawa di umano ng mata ni Aling Norma ay marahil dahil sa natural na taglay na natural lubricant ng katas ng halamang tuway-tuway. Paalala niya pa, delikado ang pagpatak ng katas ng tuway-tuway sa mata sapagkat maari itong magdulot ng fungi na magiging dahilan ng pagbulag nito. Payo ni Dr. Atenido, itigil na ang pagpatak ng katas ng halaman na ito sa ating mga mata. Mayroon naman mga kumbensyunal na paraan para luminaw ito. (Halaw sa <https://www.youtube.com/watch?v=87ypjwnXtj0>)

43. Alin sa mga impormasyon hinggil sa katas ng tuway-tuway ang HINDI binanggit ni Dr. Atenido?
- A. Ito ay isang tradisyunal na gamut sa ating mata
  - B. Ang tuway-tuway ay may natural lubricant
  - C. May panganib na hatid ang pagpatak nito sa mata
  - D. Maaring magdulot ng fungi sa mata ang katas nito
44. Sino sa sumusunod ang may kredensyal na magsalita hinggil sa kabisaan ng tuway-tuway bilang halamang gamut?
- A. Si Dr. Bobbie Atenido na ispesyalista sa mata
  - B. Si Norma Kaniola na luminaw ang mata matapos gamitin ito
  - C. Si Bae Bulakaw na siyang unang nakatuklas sa medical na kapakinabangan nito
  - D. Wala sa nabanggit



45. Ano ang nagsisilbing pamantayan upang masabing may kredibilidad ang isang tao na magsalita hinggil sa kabisaan ng isang halamang gamut?
- A. May karanasan siya sa paggamit nito.
  - B. May kabatiran siya sa pinagmulan nito
  - C. May pag-aaral siyang isinagawa ukol dito
  - D. May impormasyon siyang kinalap ukol dito
46. Anong pahayag na nasa ibaba ang malinaw ng nagbibigay-mensahe ng pakikipaghiwalay?
- A. "I need space"- Gina, "Nagbabagang Luha".
  - B. "Mag-break na tayo,"-Gardo, "Bakit di ka Crush ng Crush mo?"
  - C. "Hindi ako sumuko Jerry, natauhan lang ako"- Agnes, Sana Maulit Muli"
  - D. It's about time, you give me what I want"- Basha, "One more Chance".

**Para sa bilang 47-48**

Totoong mahusay ang pagganap ni Alfred Vargas na nagpamalas ng iba't ibang emosyon upang ipakita ang pagiging tao ni Bonifacio. Subalit nabalewala ang kaniyang husay dahil sa mababaw na iskrip ng pelikula. Sa halip na magpakita ng mga bagong anggulo sa pagkatao ni Bonifacio ay nanalig ang iskrip sa mga nakakahong paglalarawan sa karakter nito. Nagmistulang komedya ang eksenang may minasaker na Pilipino ang mga gwardiya sibil at ipinakitang nagpupumilit si Bonifacio na gantihan ang mga gwardya sibil kahit na pinipigilan ng kaniyang mga tauhan. Sa isa pang labanan, muling inilarawan si Bonifacio bilang lider na

padalus-dalos at walang pakundangan kung mamatay ang mga tauhan niya. Kailangan pang si Emilio Jacinto ang sumigaw ng "atras" para lang maligtas ang mga Katipunero habang sa ikalawang pagkakataon ay pinigilan ang Supremo ng kaniyang mga tauhan. Sa maraming teksbuk ay inilarawan si Bonifacio bilang matapang na lider ngunit palaging talo sa labanan. Hindi pa rin nakawala ang pelikula sa nakakahong konsepto ng pagpapakila ng katapangan ni Bonifacio kahit pa ang kahulugan ay kahangalan. Kung ang pelikula ay nagnanais ibantayog ang kadakilaan ng Supremo, mainam sanang ipinakita man amang kakayahan niya bilang isang mahusay na pinuno sa halip na isang lider na kulang sa pagpapalano at nilalamon ng emosyon. Totoong nagtangka ang pelikula na ipakitang palabasa si Bonifacio at isang responsableng kapatid subalit liban dito ay walang bagong nailahad ang pelikula na matutuhan ng kasalukuyang henerasyon.

*(Mula sa sanaysay na "Makapangyarihan na Sana ang Supremo "ni Joel Costa Malaban na matatagpunan sa <http://angelsanchez06.blogspot.com/2014/03>)*

47. Sa paanong epektibong paraan masusuri ang kredibilidad ng sanaysay na binasa?
- A. Pagkukumpara sa iba pang sulatin na may kahalintulad na paksa
  - B. Pagbabasa ng higit na maraming aklat tungkol kay Andres Bonifacio
  - C. Pagsasaliksik tungkol kay Bonifacio at aktuwal na panood ng pelikulang sinuri
  - D. Pagsasagawa ng sariling pelikula tungkol sa buhay at kadakilaan ni Andres Bonifacio



48. Laganap ang tinatawag na “fake news” sa telebisyon, anu-anong mga pamantayan ang maari mong gamitin upang malaman kung ang iyong napapanood na balita sa telebisyon ay hindi fake news”?

- I. May kredibilidad ang hanguan ng impormasyon
- II. Sikat at maimpluwensiya ang nagbabalita nito
- III. Mataas ang rating ng programang pinapanood
- IV. May mga ebidensiyang inilahad na susuporta sa balita

- A. I at II
- B. II at III
- C. I at IV
- D. III at IV

**Para sa aytem 49-50, basahin ang sumusunod**

Ayon sa Saligang Batas ng Pilipinas “Ang wikang Pambansa ng Pilipinas ay Filipino. Samantalang nililinaang ito ay dapat payabungin at pagyamanin pa salig sa umiiral na mga wika sa Pilipinas, paano mapayayabong ang wikang Filipino”?

49. Kung ang Saligang Batas ng Pilipinas ay nagtatakda na ang wikang Filipino ay pambansang wika, paano mapayayabong ang wikang Filipino?

- A. Sa paggamit ng mga katutubong wika
- B. Sa palaging paggamit ng wikang Filipino
- C. Sa pag-aambag ng ibang wika sa wikang Filipino
- D. Sa pagiging Lingua Franca ng bansa ang wikang Filipino

50. Ang Saligang Batas ay nagsasabi na ang wikang Filipino bilang wikang Pambansa ay dapat payabungin at pagyamanin. Ngunit, mayroong pa ring mga Pilipino na ikinahihiya ang paggamit ng wikang Filipino. Ano ang maibibigay na kongklusyon dito?

- A. Ang wikang Filipino ay hindi maitatapat sa Ingles
- B. Ang ilang mga Pilipino ay may kolonyal na mentalidad
- C. Ang mga Pilipino ay hindi sanay sa paggamit ng Filipino
- D. Ang wikang Filipino ay inferior na wika para sa mga Pilipino